**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VI, Issue I**
**August 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# ANG PAROLA, ANG HANGIN AT ANG GASERA

**ni: AEL C. ASPIRAS**

**Dekomposisyon**

Ang istoryang ito na may isang yugto at binubuo ng limang tagpo ay tatalakay sa kung paanong ang mga pangunahing tauhan – sina Edmond at Mang Dante ay haharap sa mga pagsubok sa buhay dala ng tunggaliang tao laban sa kaniyang sarili; tao laban sa kalikasan; at tao laban sa lipunan (kahirapan). Sa pamamagitan ng mabibisang plot devices gaya ng *flashbacking* at *foreshadowing* naaayon sa *non- linear structure* ay palilitawin at ilalahad ang gamit ng mga simbolismong parola (pangarap), hangin (pagsubok) at gasera (pag-asa). Mababakas din sa akdang ito ang paggamit ng *soliloquy* o ang pagsasalita nang mag-isa ng mga tauhan (monologo) at paggamit ng *stream of consciousness*.

**Mga Tauhan:**

**Edmond,** tatlumpu't isang taong gulang, mapagmahal na anak, lumaki sa kahirapan

**Mang Dante,** animnapu't anim na taong gulang, byudo, mapagsikhay na ama

**Panahon:**

Sa isang Art Exhibition, buwan ng Hunyo, makulimlim na umaga

**Tagpo I**

*(Pagsilip sa Hinaharap – Foreshadowing o Flashforward)*

*(Sa pagbubukas ng tabing, makikita ang isang lugar na kakikitaan ng maraming nakahanay na pintang larawan sa paligid. Nagaganap rito ang isang Art Exhibit. Ang paligid ay tahimik, ang tanging maririnig lamang ay ang mahinang tunog ng aircon na siyang nagdadagdag ng lamig sa atmospera at hanging hatid ng makulimlim na araw na iyon ng*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

*Hunyo. Sa sandaling iyon, ang tanging makikita lamang na gumagalaw ay ang dalawang pigura na kaunahang dumating sa lugar na iyon. Sila ang mag-amang sina Mang Dante at Edmond.*

*Si Edmond ay mayroong matangkad at katamtamang pangangatawan. Siya ay naka-suot ng pormal na kasuotan na kadalasang sinusuot sa mga kaganapang tulad niyon. Sa kaniyang katabi ay kaniyang ama na nakaupo sa isang silyang de-gulong. Si Mang Dante ay nakasuot rin ng pormal na kasuotan. Kitang kita sa kalagayan at mga kulubot sa kaniyang mukha ang kaniyang katandaan subalit bakas sa kaniya ang kaginhawaan at maaliwalas na hitsura. Mababakas kay Edmond ang pagmamahal sa kaniyang ama sa bawat haplos niya sa balikat nito habang pinagmamasdan nila ang isang larawan.*

*Sa dinami-dami ng mga pintang larawan na nasa galeryang iyon, tila nananatiling sa isang larawan lamang nakatuon ang atensyon nilang dalawa. Sa larawang iyon, detalyadong makikita ang bahay na may iisang silid. Sa perspektibo at mabisang paggamit ng mga elemento ng sining ng pintang larawan na iyon ay kita ang bahaging bubong na may mga nakapatong na gulong at ilang kahoy at ang kaluwangan ng iisang silid na iyon. Ito ay bahay na ang tulugan, kainan, lutuan at aralan ay iisa lamang. Ito ay gawa sa pinagtagpi-tagping yerong kinakalawang na, plywood na maaaring niresiklo lamang at iilang sasa o pawid. Ang tahanang ito ay walang maituturing na sahig. Kita sa larawan na putik putik at madumi ang tinatapakan ng mga taong nakatira rito. Sa lupa na siyang nagsisilbing lapag ay makikita ang mga bao ng niyog at latang maaaring ginagamit na pansahod sa tumutulong bubong. Sa gawing kaliwa ay mayroong papag. Hindi ito maliit ngunit hindi rin ito kalakihan. Sa papag na iyon matatagpuan ang kaldero at tila tinakpang ulam katabi ang isang lata ng sardinas na hindi pa nabubuksan. Ang mga libro at mga materyales sa pagpipinta ay makikita sa isang bahagi ng papag. Ang nakatuping banig, kasama ang nakasalansang unan at kumot ay nasa ulunan ng papag na iyon. Sa gilid, sa gawing itaas ng papag, matatagpuan ang unipormeng nakasabit lamang sa isang manipis na tansi sapagkat maaaring walang ibang mapaglalagyan nito. Sa kabilang bahagi matatagpuan ang maliit at lumang aparador na mayroong*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

*******************************************************************************************************

*nakapatong na de-bateryang radyo sa pasamano nito. Sa tabi ng radyong iyon ay ang nag-iisang naka-kwadrong larawan ng isang babae. Kung pagmamasdan ang kabuuan, sa gawing kanan ay ang bintana kung saan tanaw ang kinaroroonan ng tila nagmamalaki at matayog na parola – ang makasaysayang Cape Santiago. Sa gawing kaliwa naman ay ang bintana kung saan nakadetalye at makikita ang tila nagliliparang sanga ng puno at dahon na maaaring dala ng malakas na ihip ng hanging ipinahihiwatig sa larawang iyon. May nag-iisang bangko na makikita sa silid na iyon, malapit sa kanang bintana. Sa dulo ng bangkong iyon makikita ang isang gaserang may ningas. Sa gitna ng magulo at masikip na paligid, naroon ang anino ng dalawang taong magkatabing nakaupo sa kabilang dulo ng bangko.*

*Bakas sa mukha ng mag- ama na nakaupo sa nasabing bangko ang magkaibang emosyon batay sa pagkakalahad at pahid ng acrylic sa canvas na iyon. Ang ama na may yayat na pangangatawan at kung tatayahin ay nasa 41 anyos ay may mga ugatang kamay at bahagyang nakakunot ang noo. Ang mukha naman ng batang nasa 16 na taong gulang ay nagpapamalas ng pag- asa at positibong awra. Sila ay nakadamit pambahay kung mamasdan ang sining na iyon.*

*Kitang kita sa pintang larawan na iyon na hindi lamang mahirap ang buhay ng mga taong naninirahan roon. Kundi, balot ito ng sobrang karalitaan.)*

**Mang Dante:** Napakahirap ng buhay na ito. Ang bigat sa pakiramdam kahit titigan mo lamang ang larawang ito. *(may lungkot ang kaniyang tinig kasabay ang isang buntong hininga)*

**Edmond:** Opo nga, itay. Parang binabalot ito ng sobrang kalungkutan. *(malumanay niyang sabi habang tumatango na may pagsang-ayon)*

*(Sa sandaling iyon, hinawakan at inikot ni Mang Dante ang push ring ng kaniyang wheelchair upang bahagyang makalapit pa sa tinitingalang larawan. Si Edmond na naiwan ay humakbang naman papunta sa bahaging likuran ng kaniyang ama. Banayad niyang hinawakan sa likod si Mang Dante.)*

*******************************************************************************************************

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

*******************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

**Edmond:** *(soliloquy)* Isang malaking larawan na punong puno ng sari-saring kuwento… marami ring kahulugan. Ito'y tila isang pahina ng aking nakaraan. Ang kabanatang tila nais ipakita ng pintor nito ay puno ng paghihirap. Ang damdamin ko ngayon ay para bang ako ang nasa larawan, ako ang nahihirapan. Sino ang mag-aakala na maaaring maging inspirasyon ng sining ang isa sa pinakamahirap na pangyayari sa buhay ng isang tao? *(walang patlang na saad niya habang nananatiling nakapako ang kaniyang tingin sa larawang iyon)*

**Mang Dante:** *(nakatitig pa rin sa larawan)* Tunay na napakahalaga ng mga likhang pinta na tulad nito, ano?

**Edmond:** Opo nga, 'tay. Isa po ito sa maituturing na pinakamahalagang propesyon – lalo na po para sa mga magagaling na pintor. Ito ang kanilang puso at kabuhayan.

**Mang Dante:** Tama ka, anak. Pero alam mo ang mas maganda tungkol rito? Bagaman mayroon ngang nakukuhang pera ang mga pintor mula sa kanilang mga likha, patuloy pa rin nila itong ginagawa dahil sa pagmamahal. Ang pagmamahal sa likhang sining tulad ng isang pintang larawan ay daan upang maipahiwatig nila ang kanilang nararamdaman na minsan ay hindi nila masabi at maipadama. *(pagpapaliwanag niya habang nananatiling nasa larawan ang kaniyang mga tingin)*

*(Hahagurin ng masusi nilang masid ang pintang larawan na kanina pang kinapapakuan ng kanilang tingin.)*

*(Magsasara ang tabing)*

**Tagpo II**

*(Pagsilip sa Nakaraan – Flashback)*

*(Sa muling pagbubukas ng tabing, makikita ang makulimlim na senaryo bagaman tanghali iyon – buwan ng Hunyo, ang simula ng panahon ng tag-ulan. Kahuhupa lamang ng isang malakas na bagyo. Ang paligid ay tahimik at kalmado, bagaman maririnig pa rin ang*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VI, Issue I**
**August 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
***************************************************************************************************************
*paminsan minsang pagsipol ng hangin at bahagyang paghampas ng sanga ng puno sa bubong ng bahay na iyon. Sa kabila ng pagbabadya ng panahong iyon, naroon ang maliit na bahay na tila matatag pa rin pagkatapos ng malakas na ulan at hampas ng hangin. Sa loob ng bahay na iyon, makikita ang mag-ama na naglilikom ng mga nakasahod na mga bao ng niyog at lata sa kaninang tumutulong bubong. Nang matapos silang maglikom ng mga ito, sila ay umupo sa bangko sa gawing kanang bintana ng bahay. Mula rito ay tanaw na tanaw ang parola.)*

**Edmond:** Itay, kapag ako po'y nanalo sa kompetisyon bukas, lalo ko pong pagtitibayin ang pangarap kong maging isang arkitekto at mahusay na pintor. *(sinabi niya nang may pagmamalaki at masayang mukha)*

**Mang Dante:** Talaga? Ano naman ang gagawin mo upang manalo sa kompetisyon? *(nagulat subalit maamo niyang tanong)*

**Edmond:** Ah! Ang payo po sa akin ng aking *coach* ay dapat palagi po akong may inspirasyon at puso sa aking ginagawa. Pinaaalalahanan niya rin po ako na ipagpatuloy ko ang paghahasa sa aking kakayahan sa pagpinta dahil maaaring maging daan ito upang ako'y magtagumpay. *(determinado niyang sagot)*

**Mang Dante:** Nakakatuwa naman kung ganoon, anak! Eh, sino naman ang inspirasyon mo? *(tanong niya na may bakas ng pag-uusisa)*

**Edmond:** Syempre kayo po. Alam n'yo po, 'pag ako'y naging isang arkitekto, ako'y magpapatayo ng isang malaki at matibay na bahay *(masayang sabi niya habang nagmumustra).* Isang bahay iyon, Itay na marami ang silid at may bubong na gawa sa matibay na materyales. Para sa ganoon, hindi na po natin kailangang magsahod ng mga bao ng niyog at lata tuwing umuulan. *(sinabi niya nang may ningning sa mga mata)*

**Mang Dante:** Napakatayog ng pangarap mo anak, kasingtayog ng parola. *(Sabay silang lumingon sa parolang tanaw mula sa bintana sa kanilang likuran)* Sana nga magtagumpay ka

***************************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
***************************************************************************************************************

anak, sana magtagumpay tayo *(ang sabi ni Mang Dante na may pinaghalong pangamba at paghanga nang marinig ang anak).*

**Edmond:** Pangako ko po sa inyo 'yon, itay *(sinabi niya nang may malaking ngiti sa labi sabay ang pagtaas ng kamay na parang nanunumpa).*

*(Pagkatapos ng kanilang pag-uusap tungkol sa pangarap, nagpasya at masiglang tumayo ang anak para punasan ang basang papag sa kanilang harapan.)*

**Mang Dante:** *(soliloquy),(naiwang nakaupo sa bangko at nakatanaw pa rin sa labas)* Arkitektura o maging pintor, kaya ko kaya siyang masuportahan sa pangarap niya? Napakahirap ng buhay. Ni masarap ngang ulam hindi ko maibigay sa kan'ya. Magandang kinabukasan pa kaya? Ako na lang ang pwede niyang asahan, tapos wala pa akong maayos na trabaho. Paano ko maibibigay ang mga pangangailangan niya? Ang hirap maging mahirap. *(sabi niya nang nakayuko na tila napanghihinaan ng loob, bahagyang susulyap sa anak at pagkuwa'y bumalik muli ang tingin sa parola)*

*(Matagal pa ring nakatanaw ang ama sa parola, ang parolang kasingtayog ng pangarap ng kaniyang anak.)*

*(Magsasara ang tabing)*

**Tagpo III**

*(Pagpapatuloy ng Pagsilip sa Nakaraan – Flashback)*

*(Sa muling pagbubukas ng tabing, makikita ang anak na masigasig na nagpupunas ng papag. Unti unti na namang nagdidilim at naka-amba ang muling pag-ulan. Patuloy pa rin ang anak sa kaniyang ginagawa. Sa kaniyang ginagawang pagpupunas, siya ay bahagyang mapapasulyap sa larawan ng kaniyang ina na nasa ibabaw ng aparador. May tanong na biglang sasagi sa isip niya.)*

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com
****************************************************************************************************

**Edmond:** Itay, sa tingin po ninyo mas magiging madali kaya ang buhay natin ngayon kung buhay pa si nanay? *(matamang nakatingin sa ama, sabik na naghihintay ng sagot)*

**Mang Dante:** Oo naman! Bago pa nagkasakit ang nanay mo, napaka-maasikaso noon. Busog na busog tayo sa kaniyang alaga *(sabi niya nang may pagmaamalaki).*

**Edmond:** Opo nga. Naaalala ko po noon na palagi niya akong ipinaghahanda ng baon ko sa paaralan. Kahit na paulit-ulit na ulam na isda ang aking baon, okay lang po dahil siya ang naghanda. *(natutuwa niyang saad)*

**Mang Dante:** Dahil siya ay katuwang ko sa pag-aalaga sa'yo at sa pagtatrabaho, nawala rin ang isang malaking parte ng aking buhay noong siya ay pumanaw. Ilang taon na rin ang nakalipas nang siya ay namayapa. Akala ko hindi ko kakayanin na tayong dalawa lamang sa buhay. Pero, mabait an Diyos. Tignan mo ngayon, patuloy nating kinakaya*. (sinabi niya na may nangingilid na luha sa kaniyang mga mata, sabay ang pagtingin sa larawan ng asawa)*

**Edmond:** Namimiss ko na rin po ang presensya niya. Pero 'tay, nagagawa at patuloy niyo pong ginagawa ang lahat ng inyong makakaya bilang isang ama. Hindi niyo man po ito namamalayan pero nararamdaman ko po lahat ng saksripisyo ninyo para sa akin *(sinabi niya bilang pagpapagaan ng pakiramdam ng kaniyang ama).*

**Mang Dante:** Maraming salamat anak, ah? *(sabay ang pagtulo ng kaniyang luha)*

*(Pupunasan niya ang kaniyang mga luha gamit ang kaniyang mga ugatan at makalyong kamay – bakas rito ang lahat ng paghihirap na dinadanas niya. Samantala, ang anak ay pasimple ring nagpupunas ng kaniyang luha gamit ang manggas ng damit niya. Patuloy pa rin ang pagpupunas niya ng sahig ng papag. Tuluyang mapuputol ang kanilang usapan nang biglang umihip nang malakas ang hangin. Maya-maya pa ay nagsimula na namang bumagsak ang malakas na ulan. Muling maririnig ang hampas ng mga sanga ng punong malapit sa kanila. Tanaw mula sa kaliwang bintana ang nagliliparang mapapayat na sanga ng puno at mga dahon. Bagaman sila ay medyo may kalayuan sa dagat, dinig pa rin*

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

*ang malalakas na salpok ng alon. Takot ang nararamdam nila sa pangamba na baka tangayin ng malakas na hangin ang kanilang bahay. Dahil sa pagka-alarma, nagtangka ang ama na buksan ang radyo na nasa itaas ng lumang aparador. Nais niya sanang alamin kung ano ang balita tungkol sa panahon ngunit maririnig lamang ay maiikling kagaskas at biglang mamamatay ang radyo. Nagkataon na wala na pala itong baterya.*

*Malalambungan ang panginorin ng pag-aalala, dahil sa muling pagsama ng panahon. Ang mga alaala ng paglisan ng namayapang ina ay nagbalikan dahil ganoong panahon rin nang ito ay pumanaw dahil sa malubhang sakit.)*

**Mang Dante:** *(soliloquy), (uupong muli sa bangko)* Muli na namang nagdilim ang paligid. Ang bilis ng mga pangyayari. Kanina lamang ay napupuno kami ng liwanag nang ikinekwento sa akin ng aking anak ang kaniyang pangarap at ang mga alaala ng kaniyang ina. Ngayo'y nabalot na naman kami ng dilim. Kailangan kong magpakatatag, para sa anak ko, para sa kinabukasan ng anak ko.

*(Patuloy pa rin ang nagngangalit na hampas ng hangin sa munti nilang tahanan. Tumayo ang ama mula sa kaniyang kinauupuang bangko. Ginagap nilang muli ang mga bao ng niyog at lata na pangsalo sa tubig-ulan na tumutulo mula sa mga butas ng bubong. Mababakas sa kanilang mga mukha ang lubhang lungkot at panghihinayang sa kanina'y maganda ng panahon habang isa isa na nilang ipinepwesto ang mga bao at lata.*

*Tuluyang kukulimlim ang paligid. Malakas pa rin ang bawat hampas ng hangin at bugso ng ulan. Kung tatanaw sa bintana ay hindi na halos maaaninaw ang parola.)*

*(Magsasara ang tabing)*

**Tagpo IV**

*(Pagpapatuloy ng Pagsilip sa Nakaraan – Flashback)*

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

*(Sa muling pagbubukas ng tabing, makikita na humupa na ang panahon ngunit may kaunting hangin pa rin. Papahapon na at makulimlim pa rin ang atmospera dala ng nagsungit na panahon. Bagaman malayo layo pa ang gabi at ang tuluyang pagdilim, nagpasya ang anak na sindihan na ang gasera. Bagaman makulimlim pa rin ang paligid, nagbigay liwanag ang nasindihang gasera at unti unti nang muling naaaninaw ang bawat sulok ng bahay. Sa kabila ng pagsubok na dumating kanina, mabilis na nakaramdam ang mag-ama ng kaginhawaan sa pagkalma ng panahon.)*

**Edmond:** 'Tay, buti na lang po nalagyan na natin ng mga pabigat ang ating bubong bago pa dumating ang masamang panahon, ano po? Kakain sana tayo mamaya nang tanaw ang mga bituin sa langit *(biro niya upang mapagaan ang atmospera)*.

**Mang Dante:** Oo nga, anak. Buti hindi rin bumigat ang mga gulong na inilagay natin sa bubong. *(sinabi niya nang kalmado ngunit may bakas na pagod sa kaniyang boses)*

**Edmond:** Alam mo po, itay? Dahil sa mga nangyari sa atin sa araw na ito, mas lalo po akong nagkaroon ng inspirasyon sa aking pag-aaral at pagpipinta. Gagalingan ko bukas 'tay! Baka mabigyan rin po ako ng scholarship sa pagpipinta. Gagalingan ko po bukas, 'tay! *(sabi niya na agad namang naglagay ng ngiti sa labi ng kaniyang ama)*

**Mang Dante:** Oo, anak. Nga pala, ano ang maaari mong mapanalunan sa patimpalak na iyon? *(tanong niya na may bahagyang pananabik dahil sa nakikitang positibong saloobin ng anak)*

**Edmond:** Ah! Ang sabi po ng aking *coach* ay baka mabigyan rin po ako ng *scholarship*. At malay po ninyo may papremyong pera! At saka nabalitaan ko pa po na may ipapamigay silang gamit pangpinta sa mananalo. *(saad niya na para bang puno ng pag-asa)*

**Mang Dante:** Buti naman isa iyon sa ipapapremyo nila. Tamang tama iyon para sa mga mag-aaral na katulad mo. *(ilang segundo ang lumipas bago muling magsalita)* Pasensya ka

*****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

na anak at diyan ka lang makaka-asa sa iyong pag-aaral, ah? Hindi man lang kita matulungan at mabigyan ng sapat na kagamitan. *(sabay yuko na parang nahihiya sa anak)*

**Edmond:** Ayos lang po, 'tay! (sabay thumbs-up) 'Tay marami rin po akong natututunan sa inyo. Tulad na lang po ngayon, tinuturuan niyo po akong maging matatag sa mga ganitong sitwasyon. *(bahagyang nginitian ang ama)*

**Mang Dante:** Talaga? Ang alam ko ay ginagawa ko lamang ang aking mga responsibilidad bilang isang ama. Natutuwa ako dahil hindi ko naman inaakalang natuturuan rin pala kita kahit sa ganitong paraan. *(sabi niya na may magkahalong pagkamangha at positibong pagtanggap sa sinabi ng anak)*

**Edmond:** Opo 'tay! Tama po kayo. Isa nga po sa laging paalala sa akin ng aking guro na hindi lamang po ako maaaring matuto sa apat na sulok ng silid-aralan. Kundi, kahit saan na mayroong proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa reyalidad ng buhay. At sa inyo po, itay, marami akong natututunan… lalo na po ang magpakabuti sa lahat ng oras. *(sabay lapit at hawak sa kamay ng kaniyang ama)*

**Mang Dante:** Salamat, anak. Kailan man ay hindi ka nabibigo at hindi ka nagsasawang pagaanin ang pakiramdam ko. *(sabay haplos sa pisngi ng anak)*

**Edmond:** Walang anoman po 'tay. Nasasabik na po akong mag-bukas! Kapag po may pera akong nakuha sa kompetisyon ibibili ko po kayo ng masarap na pritong manok! Handa po natin para sa araw ng mga tatay! *(sabi niya nang may positibo at pananabik na tono)*

**Mang Dante:** Alam kong kaya mo 'yun, anak. Anak kita eh. *(pa-kwelang biro)*

*(Sa pag-uusap nilang iyon habang sila ay nakaupo sa gilid ng papag, nakikita ng anak sa sulok ng kaniyang mga mata ang gasera. Pinagmamasdan na niya ngayon ang lumalamlam na apoy nito. At nang aakalain niyang ito'y tuluyan nang mamamatay, ito'y muling nagningas. Ito'y nagningas nang maalab, kasabay ng pagkahawi ng pangungulimlim at dilim ng paligid*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VI, Issue I**
**August 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

*dahil sa kanina'y sama ng panahon... dahilan upang maaninaw nilang muli ang pigura ng parola kung lilingunin mula sa bintana. )*

**Edmond:** *(soliloquy), (nananatiling nakaupo sa bangko at nakatingin sa gasera)* Ang buhay ay parang ang gaserang ito. Kani-kanina lang, akala ko katapusan na namin. Akala ko hindi ko na matutupad ang aking mga pangarap. Balot ako ng takot na maaaring mawala na sa akin ang lahat bago ko pa marating ang aking inaasam na pangarap… pangarap ko para kay itay. Ngunit nang makita ko ang tatag ng apoy ng gasera, para bang nabuhayan rin ako ng loob. Nagawa nga ng gaserang magpakatatag, ako pa kaya? Kaya ko 'to, kakayanin kong maging matatag gaya ng parola at ng gasera.

*(Bawat paglamlam ng apoy ng gasera dala ng patuloy na pag-ihip ng hangin ay ang tila pagsayaw at ang lalong pag-apoy nito. Sabay na tumayo ang mag-ama upang muli ay tanawin ang matatag at matayog na parola mula sa kanilang bintana. Kasabay niyon ang pagkapawi ng kanilang mga agam-agam dahil sa unti unting pagpayapa ng panahon.)*

*(Magsasara ang tabing)*

**Tagpo V**

*(Kasalukuyan)*

*(Sa muling pagbubukas ng tabing, makikitang nakamasid pa rin sina Mang Dante at Edmond sa harap ng pintang larawan. Ang paligid ay binabalot pa rin ng katahimikan sapagkat sila pa ring dalawa ang tanging nasa loob ng galeryang iyon.)*

**Mang Dante:** Napakahusay ng pagkakalikha ng pintang larawan na ito. Nagawa nitong salaminin ang isang realidad. Mahirap talaga ang buhay, minsan ang talagang mabubuti pa ang naghihirap. Hindi naman nararapat sa kanila na mabuhay nang ganoon ngunit kailangan nilang tiisin. Minsan, mararamdaman nating madaya ang buhay. *(banayad niyang sabi sabay ang buntong hininga)*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**Edmond:** Opo. Pero, hindi naman po sila habangbuhay na nakatakdang mabuhay sa ganoong kalagayan. *(bahagyang lumuhod siya na kapantay ang kaniyang ama upang haplusin ang mukha nito na siyang nagpagaan sa loob ng ama)*

**Mang Dante:** Tama ka. Kung ikaw ay magsisikap at patuloy na mangangarap, siguradong ibibigay naman sa'yo ang mabubuting kagustuhan mo. *(mahinahon pa rin niyang sabi habang nakangiti)*

**Edmond:** *(matamang nakikinig sa kaniyang ama)* Lahat naman po tayo Itay ay may kani-kaniyang tamang panahon – panahon na puno ng paghihirap at kalungkutan, panahon na puno ng pagtatagumpay at kasiyahan *(sabi niya habang nakatitig pa rin kay Mang Dante, habang haplos haplos pa rin ang pisngi nito).*

*(Pagkuwa'y banayad na tatayo si Edmond. Isang maliit na hakbang pa ang ginawa niya palapit sa pintang larawan. Samantala, nanatili ang wheelchair ni Mang Dante sa bahaging likuran ng anak.)*

**Mang Dante:** *(soliloquy), (habang nakatingin sa detalyadong pintang larawan)* Oh parola, ang taas taas mo. Kasingtayog mo ang pangarap ng isang taong masipag. Ang tatag mo, tulad na lang ng munting tahanang nanatiling matibay. Gaano pa man kalakas ang hanging tuluyan itong hinahampas hampas at pilitang itinutumba, ito'y nanatiling hindi natitinag. Naroon rin ang gasera – ang nag-iisang liwanag sa madilim na paligid ng sandaling iyon. Ito ang nagsasabing sa kabila ng matinding pagsubok dala ng hangin, palaging may liwanag… palaging may pag-asa. *(saad niya na bakas sa kaniyang mukha ang tatag, pag-asa, pagmamalaki at pagmamahal)*

*(Ang kanilang pagmumuni-muni ay naputol nang nagsimula nang dumating ang mga tao sa eksibit. Bago pa man sila tumingin sa mga taong kakapasok pa lamang, akmang hahawakan ni Edmond ang larawan kung nasaan ang monogram – ang tatak ng kaniyang pangalan.*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

*Nang sila ay lumingon, makikita ang lupon ng taong mula sa iba't ibang edad – mga manonood na may katandaan na at mga manonood na bagong sibol ng henerasyon. Sila ay pawang mga indibidwal at kabataang may interes sa sining – mapa tradisyonal o makabagong sining. Naroon din ang mga indibidwal na may kapansanan, ang ilan ay nakaupo rin sa mga silyang de-gulong – mga manonood na nangangarap ring maging isang magaling na pintor. Ang mag-ama ay bahagyang magugulat nang marinig nila ang palakpakan ng mga taong iyon na nakamasid din sa larawang kanilang pinagmamasdan. Hinawakan ni Edmond ang hawakan sa likod ng wheelchair ng kaniyang ama. At hinaplos naman ni Mang Dante ang kamay ng kaniyang anak.)*

**Edmond:** Maraming salamat po, Itay. *Happy Father's day* po *(pabulong at buong pagmamahal niyang sabi).*

*(Mas lumakas ang palakpakan nang may boses na nagpakilala sa kaniya bilang tagapagtaguyod ng malikhaing industriya ng pagpipinta. Kasunod niyon ay ang pagpapakilala ng kaniyang tampok na ipinintang larawang may pamagat na Ang Parola, Ang Hangin at Ang Gasera – ang obra maestra niya na ang inspirasyon ay ang isang mahalagang pangyayari sa buhay nilang mag-ama, labing limang taon na ang nakakaraaan.)*

*(Magsasara ang tabing)*

-Wakas-

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza